



Republika ng Pilipinas

Kagawaran ng Edukasyon

Rehiyon V

Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

Tanggapang ng Tagapamanihalang Pansangay

27 Agosto 2024

PANSANGAY NA MEMORANDUM

Blg. 190, s. 2024

PULONG NG MGA TAGAPAG-UGNAY SA FILIPINO

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid ng CID at SGOD
Mga Tagamasid Pansangay ng Programang Pang-edukasyon
Mga Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Punong Guro at Namumunong Guro sa Antas Elementarya at Sekondarya
Sa Iba pang Kinauukulan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Sorsogon sa pangugnuna na Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum ay magsasagawa ng pulong ng Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino (PASAGUFIL). Ito ay gaganapin sa 11 Setyembre 2024, ganap na ika-1:00 ng hapon sa Bulwagan ng Karunungan ng SDO-Sorsogon.

2. Layunin ng gawain na: (a) mailahad ang plano ng PASAGUFIL sa Taong Panuruan 2024-2025 at Ulat ng Napagtagumapayan sa EO 335; (b) mapaigting ang pagsasakatuparan ng EO 335 sa bawat paaralan; ; at, (c) mailunsad ang Pansangay na Patimpalak sa Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko 2024

3. Inaasahang dadalo sa gawaing ito ang mga Tagapag-ugnay Pandistrito (1 sa elementarya at 1 sa sekondarya); ang pamunuan ng PASAGUFIL; Mga Kasangguni ng Organisasyon na sina Gng. Imelda G. Narvadez, HT III ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Gallanosa; Gng. Ana Maria B. Gojar ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Bulan; at G. Albert Escobedo ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Gubat.

4. Kaugnay nito, ang pamunuan ng PASAGUFIL at ang mga Kasangguni ay inaasahang dadalo sa PULONG-PAGPAPLANO sa Setyembre 11, 2024 ganap na ika-9:00 ng umaga sa Bulwagan ng Karunungan ng DepEd-SDO Sorsogon.

5. Ang pagkain, transportasyon at iba pang gugulin ng mga kalahok kaugnay ng gawain ay manggagaling sa pondong lokal/MOOE ng mga paaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

WILLIAM E. GANDO, CESO VI
Pansangay na Tagapamanhala ng mga Paaralan